1

Hello...” ang may pagka-groggy pang pagsagot ng twenty-five-year-old na si Maureen Custodio nang mag-ring ang landline na nakapatong sa ibabaw ng kanyang night table. Alas nueve na ng umaga at kulang pa ang kanyang tulog. Kaninang alas cinco lamang siya umuwi pagkagaling sa isang party na dinaluhan ng mga kagaya niyang taga-alta sociedad.

Ang best friend niyang si Kimmie ang tumawag at mayroon itong hatid na kahindik-hindik na balita. “Hey, girl, were you able to check your cellphone?”

“Nope, not yet... why?” pagsagot niya habang nakapikit pa rin ang mga mata.

“Girl, may kumakalat na nude photos mo!”

Doon na tuluyang nagising si Maureen na biglang napaupo sa higaan. “What! Is this some kind of a joke?”

“No, I’m telling the truth,” giit nito. “May kumakalat talagang nude photos mo. Apparently, it’s all over the internet and cellphones right now. Kaya nga n’ung makita ko ‘yon, I sent it to your cellphone right away so you’ll know...”

Nanginginig ang kamay na kinuha ni Maureen ang cellphone pinindot ang keys niyon at doon ay nakita niya ang mga imahe ng hubad na sarili. “No! No! This can’t be happening... this can’t be!” pagde-deny niya sa sarili ng nangyayari.

“Was... was that really you or it was just edited by some sick mind?” nangangambang tanong ni Kimmie.

“How I wish I could say that it wasn’t me but I recognize these pictures. Ito ’yung mga kinuhanan ni Kyle. And I don’t know kung paano kumalat ang mga ito. Sh*t! What am I going to do now, Kimmie?” ang nagpa-panic na niyang nasabi matapos ibalibag ang cellphone sa kama.

“Kausapin mo na lang si Kyle nang malinawan ka na sa mga nangyayaring ito,” payo ni Kimmie. Nag-aalala itong masyado para sa kanya.

At sinunod naman ni Maureen ang payo ni Kimmie.

Hindi na siya makapaghintay na malaman kung paano nangyari ang gusot na kinasasangkutan. Habang sunod-sunod ang kanyang naging pagkatok sa pinto ng apartment ng boyfriend ay nagsisimula naman siyang balutin ng panic habang iniisip kung

gaano na kaya kabilis kumakalat ang kanyang mga hubad na imahe sa internet at sa mga cellphones sa kasalukuyan.

Bumungad sa kanya ang hitsura ng inaantok pang nobyo nang pagbuksan siya nito ng pinto.

"Tell me, paano nangyaring kumalat ang mga pictures na kinuha mo sa akin?" kaagad niyang tanong nang makapasok sa loob ng bahay nito.

"What are you talking about?" balik ni Kyle habang kinukusot pa ang mga mata na naalimpungatan lamang sa pagkatok niya.

"Remember you took pictures of me in the nude? They are currently circulating over the internet and cellphones so can you please explain to me what's happening here?" pagde-demand niya. "Kyle, ikaw ang may possession ng mga pictures na 'yon, paano nangyaring kumakalat ang mga 'yon ngayon?"

Unti-unti nang napagtatanto ng binata ang mga pangyayari. "Jarred borrowed my laptop recently, he must... he must have seen the pictures and... uploaded it on the internet..."

Nanlaki ang kanyang mga mata. "What! How can you be so careless? Bakit mo basta-basta ipinahiram ang laptop mo na hindi mo man lang binubura ang

mga pictures ko?"

"Sorry, nawala sa isip ko! And will you please stop overreacting, it's no big deal. Lilipas rin 'to," ang kibit-balikat lamang na nasabi ng twenty-six-year-old Fil-Am ramp and commercial model na nakilala ni Maureen sa isang fashion event kung saan siya naimbitahan.

Magwawalong buwan na rin silang steady at ngayon ay na-realize niyang hindi pa rin pala niya lubusang kilala ang nobyo.

"No big deal? Siguro para sa 'yo dahil wala kang pamilya na masisira ng eskandalong ito!" tiim-bagang niyang balik na pilit pinipigilan ang galit para sa boyfriend, na noong mga sandaling iyon, pakiramdam niya ay magagawa na niyang patayin.

Maureen Custodio belongs to a prominent political clan; her father is currently serving as a congressman in their place of residence and her mother is an avid supporter of various civic-oriented-groups and charities. They had long been frowning on her highly publicized excessive partying in the company of other young socialites who also belong to prominent families. Ang madalas niyang sabihin ay pure, clean fun ang kanilang ginagawa. Pero dahil sa eskandalong kinasasangkutan niya ngayon, hindi

na siya sigurado kung paniniwalaan pa rin siya ng kanyang mga magulang sa katuwiran niyang 'pure, clean fun.'

"Oo nga pala, nakalimutan ko na isa nga palang member of the high society ang girlfriend ko," tila may pang-aasar pang pahayag ni Kyle habang nagsasalin ng orange juice sa baso.

"Oo nga, eh, Nakalimutan ko rin 'yan kaya nga nagawa kong patulan ang isang uneducated pervert na katulad mo!" With that Maureen turned on her heel and walked out of his home. Hindi man direktang sabihin, sa ginawa ni Kyle ay nagtapos na rin ang relasyon nila.

"BAKIT KASI pumayag kang kuhanan niya ng pictures while you were naked?" may paninising tanong ni Christy, isa sa mga kaibigan ni Maureen nang magkita-kita silang apat na magkakaibigan sa *Starbucks* matapos umiiyak na tinawagan ng dalaga ang mga ito.

"I was a bit drunk that night, we were in our hut in Boracay at that time. Kilala n'yo naman ako kapag lasing, di ba? I tend to forget myself and just go with whatever that is happening right in

front of me. Besides, nag-promise siyang walang ibang makakakita n'on. Hindi ko naman akalain na magiging makakalimutin pala siyang basta na lang ipahiram 'yung laptop niya sa friend niyang si Jarred without removing my pictures!" sakit na sakit niyang paglalahad. "If I ever happen to see that Jarred, mapapatay ko talaga siya!"

"A bunch of a*sholes!" nanggigigil na nasabi ni Kimmie matapos inumin ang inorder na capuccino.

"Sabi na nga ba, from the start pa lang talaga, I knew na walang magagawang matino 'yang Kyle na 'yan, eh!" nanggigigil ding nasabi ni Ashley na ayaw isipin ang maaaring magawa sa ngayon ay ex-boyfriend na ng kaibigan sa oras na magkrus ang kanilang landas.

Mga bata pa lamang ay magkakasama na ang apat na babae. Pawang mga miyembro ng mga de buena familia, magkakapitbahay sila sa *Forbes Park* at sabay-sabay na lumaki. They had been through so much in the many years of their friendship, sharing laughters and tears. If one of them is going through a difficult period in her life, they make sure they are around for her.

"Nakarating na ba sa parents mo ang tungkol rito?" maselang tanong ni Christy.

"Malamang hindi pa. Sigurado namang kaagad nila akong ipapatawag the moment na malaman nila ang tungkol sa bagay na ito," tugon niya. "Sana naman hindi na kumalat pa ang mga pictures ko. I really don't know kung may mukha pa akong ihaharap sa mga tao kapag nangyari 'yon!" puno ng pangamba pa niyang dagdag.

Panandalian namang naputol ang kanilang pag-uusap nang may isang grupo ng mga lalaki na lumapit sa kanilang kinalulugaran sa labas ng establishment.

"Hindi ba ikaw si Maureen Custodio?" tanong ng isa sa mga ito sa kanya.

"Yeah, it's me..." may pag-aalangang kumpirma niya.

"Do I... know you?" kaagad din niyang tanong habang pilit inaalala kung saan o kailan ba niya nakita ang mga iyon.

"Sabi na nga ba it's you!" bulalas ng lalaking nagtanong ng kanyang pangalan, sabay labas ng cellphone where her nude picture was on the screen. "Hindi ka lang sexy, maganda ka rin pala talaga!"

"And you look so hot I think you can give me a great time..." dagdag pa ng isang kasama nito in

that sleazy tone of his.

"Ang bastos mo, ah!" hindi na napigilang pagsigaw ni Ashley na tumayo na mula sa kinauupuan at kinompronta ang lalaki.

"Sino kaya ang mas bastos? Ako o ang babaeng 'yan na may mga kumakalat na hubad na litrato?" maangas na balik nito.

Dahil ayaw na ring tuluyan pang makuha ang atensyon ng mga taong nakapaligid sa kanila ay kaagad nang pumagitna si Maureen. "Tara na, let's just get out of here," pagyayaya niya, sabay suot ng kanyang shades na nagtatakip na sa halos kalahati ng maliit niyang mukha.

"Why are you leaving without even defending yourself? Sobra ang sinabi sa 'yo ng lalaking 'yon tapos pababayaan mo lang siya!" di-makapaniwalang komento ni Ashley nang sila ay makasakay na sa kotse ni Maureen.

"Tama naman ang sinabi niya, eh. Ako talaga 'yung mas bastos dahil ako ang may mga nude photos na kumakalat," pagre-resign niya sa kanyang sitwasyon. Kahit labis na nasaktan sa nangyari ay alam niyang totoo iyon at wala siyang lakas ng loob na ipagtanggol ang sarili.

"But still, they don't have the right to judge you!" giit naman ni Kimmie na siyang nakaupo sa front passenger seat.

Na kaagad namang ginatungan ni Christy. "It's your jerk ex-boyfriend and his friend who are at fault here kaya sila ang dapat hinuhusgahan, hindi ikaw!"

"Thanks for standing by me," talaga namang na-touch na nasabi ni Maureen who felt so lucky to have friends like them. "Sana lang ganyan din mag-isip ang ibang tao. But I doubt if they do. Hindi nila ako kilala and I'm sure ang tanging bagay na tatatak sa mga isipan nila ay ang perception na mabubuo nila the moment they see those stupid photos—that I am this indecent woman who has no respect for herself. I just hope this will pass soon for I don't know for how long I could take this...."

Gabi na nang makauwi si Maureen sa kanyang condo unit. Sa gitna ng katahimikan ng silid niya, tumunog ang kanyang cellphone at nakita niya sa screen na ang kanyang ina ang tumatawag. For a while, naisip niyang hindi na lamang sagutin ang tawag nito, ngunit alam niyang hindi niya puwedeng takasan ang ina habang-buhay.

"Hi, Mom!" masigla pa niyang pagbati habang

pinakikiramdaman ito.

"Maureen, I just received those nude photos of yours on my cellphone, Please tell me that wasn't you," bungad ni Mrs. Celia Custodio na pilit pang nagpapakalma habang patuloy na itinatanggi sa sarili na ang anak nga ang nasa malaswang mga litratong kasalukuyang kumakalat.

Muli ay naisipan ni Maureen na ikubli na lamang dito ang katotohanan para mailigtas ang sarili sa galit nito at ng buong pamilya. Pero hindi niya kayang magsinungaling sa ina kaya nagdesisyon siyang aminin na ang totoo at harapin na lamang ang kung ano mang magiging bunga ng nagawa.

"It was me, Mom...it was me..."

"HOW CAN YOU DO THIS? Hindi ka na ba talaga marunong mag-isip?" nagpupuyos sa galit na sigaw ni Congressman Luis Custodio matapos papuntahin ang anak sa kanilang mansion sa *Forbes Park*. "Alam mo ba kung gaano kalaki ang eskandalong ito na nagawa mo? You are practically destroying our whole clan!" patuloy pa ng fifty-nine-year-old politician na pagalit na humitit sa mamahaling Cuban cigar habang naglalakad paroo't parito sa malawak na

sala.

"I'm really, really sorry, Dad. Believe me, pinagsisisihan ko na po ang ginawa ko..." full of remorse na tugon ni Maureen. Kung maibabalik lang sana niya ang panahon, hindi siya gagawa ng isang bagay na maaaring magdulot ng malaking kahihiyan sa kanyang pamilya.

Subalit hindi ganoon kadaling makumbinsi ang ama.

"Do you expect me to believe that? How many times have I heard that from you? Over the years, wala na kaming nakuha sa 'yo kundi puro kahihiyan at sama ng loob!"

"Bakit ba hindi ka tumulad sa ate mo? She has done nothing but uphold the honor and dignity of this family which you continuously tarnish!" dagdag pa ng kanyang ina na sadyang hindi kinaya ang naging pag-uusap nila sa cellphone kani-kanina lamang. Matapos amining siya nga ang hubad na babae sa mga litrato ay kaagad siyang pinapunta nito sa kanilang bahay.

"God, Maureen! You're already twenty-five years old. You're no longer a kid. When will you ever shape up and learn to be responsible and act

your age?" panggagatong naman ng kanyang Ate Bettina who is a successful partner at a prestigious law firm. Dalawa lamang silang magkapatid kaya hindi maiwasang madalas silang maihambing sa isa't isa na hindi nakakatulong sa pagkakabuo ng self-esteem ni Maureen.

"Siguro kasalanan rin namin kung bakit ka nagkaganyan, eh. Masyado ka naming na-spoil. Kaya magmula ngayon, you will be stripped off of all your luxuries in life. There will be no more allowances from us so you have to learn to fend for yourself," pagdedesisyon ng congressman.

"Sang-ayon ako d'yan," segunda ni Mrs. Custodio.

"It's about time you learn the value of hard work and that not everything will just be handed to you on a silver platter."

"But can't you just do this to me gradually? Maybe cut a portion of my allowance so I could at least get by as I find a way to fend for myself," suggestion ni Maureen na nakakaramdam na ng pangamba sa nais ng mga magulang.

"No, matagal ka na naming pinagbibigyan kaya hindi ka natuto sa buhay mo," mariing binitiwan ng

ama. “This time you will have to learn the hard way para magtanda ka.”

Alam ni Maureen kung gaano katigas ang ama kapag nagbitiw ito ng desisyon kaya hindi na rin siya kumontra pa. Mababale-wala lamang iyon.

Paano na kaya ako ngayon? How will I be able to survive?

2

Kinabukasan, maagang nagising si Maureen- unusually early at nine in the morning.

Wala siyang party na pinuntahan noong nakaraang gabi dahil pagkagaling sa mansion ng kanyang pamilya ay derecho siyang umuwi sa sariling tirahan.

Pagbukas ng kanyang mga mata ay kaagad na tumama sa kanyang isipan ang panibagong buhay na kailangang harapin. “This is the day when my whole life will completely change,” pahayag niya habang pinag-iisipan ang mga nangyayari sa kanya recently. *If only I hadn’t been stupid in associating myself with that worthless guy, masarap pa rin sana ang buhay ko ngayon…* puno ng pagsisisi niyang isip.

Naupo siya sa kama at kinuha ang wireless phone na nakapatong sa lamesa na katabi ng kanyang higaan. Pinindot niya ang numero ni Kimmie.

“Kims, did I wake you up?” bungad niya nang marinig ang inaantok pang tinig nito sa kabilang linya.

“Medyo,” matipid na balik nito, sabay hikab.

"So what made you call me up at this hour? May problema ka na naman ba?"

"Malaki... malaking-malaki!" panimula na niya at ikinuwento ang problemang kinasasadlakan.

"Bakit kaya hindi ka kumonsulta sa isang psychologist?" marahang suhestyon nito. "I'm not saying that you're getting crazy, it's just that with all the problems you're going through at the moment, you definitely need professional help.

Maureen considered it carefully. Ni minsan sa buong buhay niya ay hindi niya kinailangan ang tulong ng isang psychologist dahil hindi naman siya nagkaroon ng napakalaking problema na hindi niya nakayang lutasin.

Pero ngayon iba na ang sitwasyon. Masyadong mahirap na ang mga problemang dumarating sa kanya kaya hindi na ganoon kabuo ang kanyang tiwala sa sarili na magagawa pa rin niyang mag-isang harapin ang lahat.

"Bakit, may kilala ka bang psychologist?"

Nakahinga naman nang maluwag si Kimmie dahil maluwalhating tinanggap ng best friend ang iminungkahi.

"Yes, I do know someone, si Dr. Charlie de Guzman. Sa kanya ako nagpa-consult when I had trouble dealing with my break-up with Christian…I'll text you his clinic's address later."

"Okay, thanks. Maybe he's what I really needed to keep me from getting insane!"

NANG MAKARATING sa address na ibinigay ni Kimmie, kumatok si Maureen sa pinto ng clinic ng psychologist na situated sa loob ng isang commercial establishment. With no one to usher her in, binuksan niya ang pinto at pumasok sa loob. Nakita niyang walang tao sa receptionist's desk.

Tama ba 'tong napuntahan ko? ang may pag-aalangan niyang tanong sa sarili habang tinitingnan ang address na ini-text sa kanya ng kaibigan. *Tama naman ang address, bakit parang deserted yata ang lugar na 'to?*

"Hi, Magpapa-consult po kayo, Ma am?" bungad ng isang babaeng biglang pumasok sa loob ng silid. Sa tingin niya ay ito ang nawawalang receptionist.

"Yes, I am…" pagkumpirma niya.

"May appointment po kayo?" tanong nito

habang papaupo sa puwesto nito sa likod ng desk.

"Ah, wala. It's my first time here..." tugon niya.

Matapos makuha ang information tungkol sa kanyang sarili ay sinabi ng babae na maaari na siyang pumasok sa loob ng silid ni Dr. Charlie de Guzman. Nang makapasok ay may nakita siyang isang matangkad na lalaking nakatayo sa tapat ng bintana at nakatanaw sa mga nagtataasang buildings ng Makati na pumapalibot sa kinalulugaran.

"Good morning," pagkuha niya sa attention nito habang nadarama ang kaba sa dibdib. It's her first time to be in a place like that where the patients are somewhat seen as mentally and emotionally unstable that she could not help but be bothered of what the doctor might perceive of her.

Samantala, hinarap naman siya ng lalaki with a curious look on his face. Ilang sandali rin siyang naghintay ng acknowledgement mula rito, subalit nanatili lamang itong tahimik.

Ganito ba talaga ang mga psychologists, simula pa lang parang nanunubok na? Is he already studying my words and actions? ang may pagka-paranoid niyang isip sa sarili na nakakaramdam ng pagiging self-conscious sa patuloy na pagtingin lamang sa

kanya ng lalaki. *Sh*t! Nakakahiya naman bakit ganito kaguwapo pa ang psychologist na 'to, nahihiya tuloy ako bigla na magsabi ng problema ko...* patuloy niyang pagkausap sa sarili nang mapansin ang hitsura nitong animo'y isang psychologist na lumalabas sa mga pelikula. Maureen could not help herself as the guy had that gorgeous professional aura with the clean intellectual look highlighted by the stylish men's glasses on his eyes coupled with the dashing debonair look espoused by the expensive Italian suit he was wearing.

"I'm here to ask for your help sana on how to manage my life 'cause I feel that it is falling apart right now..." panimula na niya habang papaupo sa silyang katapat ng desk nito. Kahit nawiwirduhan na sa nangyayari ay ipinagpatuloy lamang niya ang pagsasalita sa pag-iisip na magdudulot din iyon sa pagsasalita nito eventually.

"'Cause... you see, it all started when... when photos of me... naked... na kinuhanan ng boyfriend—I mean, my now ex-boyfriend—started spreading around... Because of that, my parents got so angry at me to the point na parang gusto na nila akong i-disown and I couldn't have a normal life dahil kahit saan ako magpunta ay nakikilala ako ng mga tao and they would start to make rude

comments against me, disrespecting me... Hindi ko na alam ang gagawin ko... help me please..."

"Don't you recognize me at all, Maureen?"

Pagkarinig sa tinig ay napatitig siya sa mukha ng kausap na inakala niyang psychologist. "B-Brett?" ang buong pagkasorpresang pagkilala niya sa lalaking nakaugnayan noong siya ay college pa sa *De La Salle University*. "Are you a psychologist now? But... but I thought this was Dr. Charlie de Guzman's clinic, am I in the wrong place?"

"No, this is really his office. Tulad mo magpapakonsulta rin ako sa kanya..." paglilinaw nito.

"Ah, ganoon ba?" tanging nasabi ni Maureen na ang pakiramdam noong mga sandaling iyon ay sinusunog ang kanyang pisngi sa labis na kahihiyang nadarama. *Ikaw kasi, eh, daldal ka kaagad nang daldal, hindi mo muna sinisiguro kung tamang tao ba ang kausap mo!* pangaral niya sa sarili.

Mabuti na lamang at dumating na kaagad ang taong kanyang sadya who was very much like what she expected.

Dr. Charlie de Guzman was a middle-aged man with a balding hair and stocky frame who possessed

that friendly and warm voice that makes one comfortable to open up his or her problems. “I’m sorry for keeping you waiting as I had something to get in my car...” paliwanag nito habang tinutungo ang puwesto nito sa likod ng malaking desk.

“I’m sorry, Miss Custodio, my receptionist thought that I was already done with my session with Mr. Rovira here, that’s why she let you in.”

“Oh, it’s okay. I’ll just wait outside,” panigurado ni Maureen habang naghahandang tumayo mula sa kinauupuan nang biglang matigilan matapos sumingit si Brett.

“It’s okay, I’ll just come back tomorrow. I think she needs your counseling more than I do,” saad nito with that smirk on his face na mas lalo lamang nakapagpahiya sa kanya.

“Okay, so tell me what it is that made you seek my help...” panimula ng psychologist matapos umalis si Brett.

But Maureen’s mind seemed to have left with him as she found herself completely taken with his surprise reappearance in her life.

“Miss Custodio?” pagtawag muli ng doktor sa kanyang atensyon.

Ngayon ay natauhan na ang dalaga at sinimulan ang paglalahad ng mga pangyayari na nagbibigay sa kanya ng feeling na nasisira na ang lahat sa kanyang buhay. Subalit habang nagsasalita ay natagpuan niya ang sarili na patuloy na kinukuha ni Brett ang malaking parte ng kanyang isipan.

"ANO'NG SINABI MO? Nakita mo si Maureen Custodio sa clinic ng psychologist mo?" di-makapaniwalang nasabi ni Jules sa kaibigang si Brett matapos niyang ilahad ang nangyari noong tanghali.

It was a Friday night and Brett called his college buddies, Jules and Victor para magkita sa isang bar sa Libis.

Nagsilbing reunion ang pagsasamang iyon ng tatlo dahil apat na taon na rin magbuhat noong huli silang magkitang tatlo nang manirahan siya sa Amerika matapos maka-graduate.

"Yup, I saw her," pagkumpirma niya. "Noong umpisa nga, hindi pa ako nakilala. She went on unloading her problems to me for she thought that I was the psychologist," patuloy pa niyang paglalahad saka uminom ng beer mula sa bote na kaka-serve pa

lamang sa kanya.

"I bet nalaglag ang panga n'on sa 'yo nang makilala ka!" hirit ni Victor who was settled on the stool next to Brett. Napapagitnaan siya ng dalawang kaibigan.

"At malamang sising-sisi 'yon ngayon sa ginawa niya sa 'yo noong college tayo," dagdag pa ni Jules na hindi maiwasang makaramdam ng vindication para sa kaibigan.

Sa loob ng apat na taon na naging magkaklase sina Maureen at Brett, he harbored special feelings for her.

But because she was this popular girl in school, he could not help but feel intimidated. Subalit nang tumuntong na sila sa fourth year, sa wakas ay nakisama na ang pagkakataon sa kanilang dalawa.

Tasked to be partners for their thesis, they inevitably spent much time together which led to their closeness and eventually, Brett was able to gain the courage to admit what he truly felt for her. Hindi nagtagal ay umusbong na ang isang magandang pagtitinginan sa pagitan ng dalawa.

Nauwi iyon sa isang relasyong sa simula ay matamis para kay Brett, ngunit nang maglaon ay

naging mapait ding karanasan para sa kanya.

"Pero bakit daw siya kumokonsulta sa psychologist. Ano'ng problema niya?" naintrigang tanong ni Jules.

"She was mentioning something about naked photos of her spreading around the internet which caused her parents to almost disown her. And she could not live a normal life dahil kung ano-ano raw rude comments ang ibinabato sa kanya ng mga tao. Dahil daw d'yan, her life is falling apart..." tugon niya as he remembered the things she frantically blurted out to him at the office of Dr. de Guzman.

"Yeah. I've been hearing about those nude photos. So siya nga pala talaga 'yon!" di-makapaniwalang sabi ni Victor.

"Napakalandi talaga ng babaeng 'yon, mabuti na lang at hindi kayo nagkatuluyan. You definitely deserve a better woman than that!" pagdiriin naman ni Jules.

Samantala, nanatili namang tahimik si Brett. Sa totoo lamang ay hindi niya alam kung ano ba ang kanyang nararamdaman sa aksidenteng pagkikita nila ng dating minamahal. He chose not to dwell on any feeling and just numb himself for he does not

want to go back to how it had once been so painful and difficult for him.

"Tekangamuna,bakitkanamannagpapakonsulta sa isang psychologist? Ano ang problema mo?" tanong ni Victor na naintriga sa kondisyon ng kaibigan.

"Well, hindi naman problema, it's just that... I feel like there had been way too much stress in my life lately. With the death of my father and 'yung nangyaring heart attack kay Mommy 'tapos 'yung pressure pa to take over the clothing retail business which never interested me at all, I feel like I needed an outlet."

"Bakit? Ano ba'ng gusto mong gawin if you' re not interested in your clothing retail business?"

"I just want to start something on my own. I had been on the planning stage of putting up a multimedia company together with my friends in the States. Pero obviously, kailangan kong kalimutan na muna 'yon ngayon as I have to focus on running the family business," kibit-balikat niyang nasabi.

"Pero hindi ba active din ang kuya mo sa pagha-handle ng mga negosyo ninyo?" pag-inquire ni Jules.

"Yeah, he is but he pointed out to me na panahon

na para tulungan ko naman siya. Hindi na rin niya kayang patakbuhin nang mag-isa ang mga negosyo namin," paliwanag ni Brett.

"Hay, kay hirap talaga ng mayaman, napakakomplikado ng buhay," napapailing na saad ni Victor bago lumagok ng beer.

"Oo nga. Ngayon ko na-appreciate ang pagiging simpleng empleyado ko. Hindi man ganoon karami ang pera, bawas naman ang sakit ng ulo," panggagatong ni Jules na sadyang may katamaran at mas preferred ang good time.

Carefree ang buhay ng mga kaibigan at hindi niya maiwasang makaramdam ng inggit. *How I wish I can just be as free as them so I could get to enjoy my life for once.*

"THIS IS REALLY so weird. Imagine we're spending Friday night here in your home!" bulalas ni Christy habang papaupo sa dining area ni Maureen kung saan nakahain ang kanyang mga inihandang pagkain para sa mga kaibigan.

"Pagbigyan n'yo na ako, please. Alam ninyo namang hindi ako magiging komportable sa labas dahil babastusin lang ako ng mga tao doon," pakiusap

niya habang sinasaluhan ang tatlong kaibigan sa lamesa.

"Oo nga naman, pagbigyan muna natin si Maureen.

Let the issue about her nude photos die a natural death, then we will be free to go out again," mungkahi ni Ashley.

"By the way, how was your session with Dr. Charlie de Guzman this morning?" pangungumusta ni Kimmie habang naglalagay ng pasta sa plato nito.

"Sino naman si Dr. Charlie de Guzman?" napakunot-noong tanong ni Christy.

"Siya 'yung psychologist na ni-refer ni Kimmie sa 'kin," sagot ni Maureen. "I decided to seek professional help because everything that's happening is taking its toll on me."

"So kumusta naman ang pagka-counsel niya sa 'yo? Was he effective for you?" muling tanong ni Kimmie.

"Hmm... truth is, hindi ako masyadong nakapag-concentrate sa counseling niya for I was distracted by the sudden presence of someone..." misteryoso niyang binitiwan.

"At sino naman 'yang someone na 'yan na nakapagpa-distract sa 'yo?" curious na usisa ni Christy.

"Si Brett! Nakita ko siya kanina sa clinic ni Dr. de Guzman!" sagot niya, hindi na naitago ang excitement sa tinig.

Labis na nabigla ang mga kaibigan niya.

"You mean si Brett Rovira? Nagkita kayong dalawa?" paniniguro ni Kimmie.

Masayang tumango siya. "Yeah, and I even mistook him for Dr. de Guzman! Imagine sa kanya ako unang nagsabi ng mga problema ko. Nakakahiya talaga!" aniya na ang pakiramdam ay gusto na niyang lamunin ng lupa sa tuwing maiisip ang nangyaring iyon.

"Bakit? Hindi mo ba siya nakilala?" tanong ni Ashley habang kumukuha ng garlic bread.

"Hindi talaga! He changed a lot! He's got a very well-toned body now unlike before when he was really skinny 'tapos ngayon, he knows how to dress up na. He really looked so smart and professional and really accomplished," she replied dreamily.

"Bakit para yatang bigla kang kinikilig sa kanya

ngayon?" napataas-kilay na panghuhuli ni Christy.

"I won't deny na kinikilig talaga ako," pagtatapat ni Maureen.

"I really saw him in a different way now!"

"Baka na-challenge sa 'yo when you suddenly dropped him like a hot potato nang biglang bumalik si Tim sa buhay mo. He worked hard to improve himself to make you regret that you ever let him go."

Hindi kinontra ni Maureen ang naging pahayag na iyon ni Kimmie. "And he's really successful with it 'cause now I can't help but regret that I chose a jerk like Tim over a good guy like him. Bata pa naman kasi ako noon, I was still immature and I didn't know any better. If only I could turn back the time, I'd picked him instead. Siguro hindi ko na nakilala si Kyle at hindi magiging ganito kakomplikado ang buhay ko ngayon."

3

Hindi pa man komportableng magpakita in public ay wala na ring choice si Maureen sapagkat kinailangan niyang magpunta sa supermarket para bilhin ang mga supplies niya sa bahay. Wearing huge, trendy sunglasses, somehow it helped conceal her identity as it practically covered half of her small, delicate yet very beautiful face.

Nang sa wakas ay mabili na ang lahat ng pangangailangan ay pumila na siya sa cashier upang magbayad. Subalit sa malas, nalaman niyang rejected ang lahat ng credit cards na kanyang inilabas.

"Ma'am, wala na po ba kayong iba pang card?" maingat na tanong ng kahera habang iniaabot sa kanya ang kare-reject pa lamang na gold card.

Not wanting to gather any more attention from the other customers na naging saksi sa tagpong iyon ay kaagad na siyang nagbayad ng cash. Habang ina-assist ng isang cart boy patungo sa kinapaparadahan ng sasakyan ay naramdaman niya ang pagkulo ng kanyang dugo. *Talagang seryoso sila sa pagpapahirap sa akin.*

"IN BEHALF of all the staff here at *Trendee Clothing Retail Company*, we would like to let you know how honored we are to have you as our new president," paglalahad ni Bing Nuñez, ang managing director ng kompanya na nag-welcome kay Brett sa kanyang first-ever board meeting na ginanap sa kanilang head office sa Quezon City.

"Thank you for your warm welcome," sinserong balik ng binata na hindi na rin nag-aksaya pa ng panahon at kaagad sinimulan ang agenda ng pagtitipong iyon. "As you all know, I will be taking over the position vacated by my mom and she gave me full control in running this company," panimula niya as he confidently addressed the executives surrounding him in that oval table. "And based on the studies that I have made, I observed that there's a big drop in sales over the last few years. Dahil kayo ang nandito noong mga panahong iyon, I'm sure alam ninyo ang dahilan kung bakit nangyayari ito. Is there anyone who can tell me what the problem is in this company?"

"Sir, in my opinion, it has a lot to do with the focus that we've had on the women in their thirties. Eh, ang karamihan po ng ating mga consumers ngayon ay nasa thirteen to twenty-six age bracket kaya hindi nila ma-appreciate ang binebenta natin

dahil masyado na itong matured for their taste," paliwanag ng managing director.

"If that's the case, ano ang maisa-suggest ninyo na puwede nating gawin in order to get *Trendee* back on track?" paghingi ni Brett ng kanilang opinyon ukol sa bagay na naniniwala siyang mas maalam sila kaysa sa kanya.

"I think, Sir, it would be wise if we can capture that market of female consumers ranging from thirteen to twenty-six years old. We need to have a good fashion consultant, someone who's young and hip and who knows the current trends among the youth," mungkahi ng creative director na si Maya Rivera.

"So let's get this fashion consultant that we need as soon as possible," pagbibigay niya ng go-signal before moving on to discuss other important matters in their company.

Hindi man lubusang nasa negosyong iyon ang puso, nagpasya si Brett na gagawin ang lahat upang maibigan na rin ang iniatas na tungkulin dahil wala na rin naman siyang choice.

"KIMS, they cut off my credit cards!" Maureen

blurted out nang tawagan si Kimmie habang nagmamaneho pabalik sa condo unit galing sa supermarket. “Grabe na talaga ‘to, they are really punishing me!”

“Naku, mukhang tinototoo na talaga ng parents mo ang sinabi nilang hindi ka na nila susuportahan. Paano ka na niyan? Ano’ng balak mong gawin para maka-survive?”

“Iyon nga rin ang iniisip ko, eh. I have never worked for a single day in my entire life, paano ako magsisimula ngayon?” problematic niyang pagharap sa katotohanan.

“Okay, so bakit hindi ka magsimula ng business?” suggestion nito. “Business Management graduate ka, that should make it easier for you.”

“Alam mo namang hindi ko talaga hilig ang business, di ba? Kaya ko lang kinuha ang course na ‘yon ay dahil ‘yon—ang sinabi ng parents ko. Kung ipagpipilitan kong pumasok sa negosyo, siguradong malulugi lang ako!”

“How about working as a fashion consultant? Tutal fashion naman talaga ang hilig mo. It would surely not feel like work for you!”

“Hmm.... mukhang maganda nga ‘yang idea

mo. Pero saan ako mag-a-apply?"

"'Sus! Para namang nagkulang ka sa mga connections! Baka nakakalimutan mo you are Maureen Custodio, Manila's well-known party princess and trendsetter. I'm sure those fashion enterprises would love to have you in their fold."

"Sige, I'll research kung saan magandang mag-apply. Thanks, girl!" paalam niya. But Maureen's newly resurrected cheerful mood did not last as she was again faced with another heartbreaking punishment from her parents.

"Señorita, pinapakuha po ng daddy n'yo ang kotse n'yo," pagbibigay-alam ng kanilang driver na si Dado na kanyang nadatnan sa lobby ng condominium building kung saan may inuupahan siyang unit.

Nanlaki ang mga mata niya. "What? Pati ba naman 'tong kotse ko, kukunin rin sa akin ni Daddy?" di-makapaniwalang bulalas niya.

"Ma'am, pasensya na po, napag-utusan lang po ako ng daddy n'yo," napakamot ng ulo na paliwanag nito.

"Tara, Mang Dado, sasama na ako sa 'yo at kailangan ko ring kausapin si Daddy. This is getting

too much!”

AFTER MEETING with his employees at the *TCRC* ay pinuntahan ni Brett ang ina sa kanilang family home sa Ayala Alabang. Matapos ang kanilang dinner ay dumerecho siya sa dating kuwarto kung saan ang kanyang mga kagamitan from way back his childhood and teenage years were kept.

Hindi niya maiwasang maging nostalgic nang makita ang mga bagay na espesyal sa kanya tulad ng mga laruang iniregalo ng ama noong siya ay bata pa, gayundin ang mga trophies and medals na napanalunan niya all throughout his stay in school from pre-school to college kung saan consistent honor student siya.

Nang buksan niya ang pinakailalim na drawer ng kanyang study table ay nakita niya ang librong dapat sana ay ibibigay kay Maureen noon, subalit hindi na siya nagkaroon ng pagkakataong ibigay pa. As he flipped the pages ay nalaglag ang isang litrato na kanyang kinunan during one of those days that they spent together working on their thesis. In that photo, their youthful faces were glued to each other as they posed for the camera.

Nang damputin iyon sa sahig, naramdaman ni Brett ang nostalgia na kaninang bumabalot sa pagkatao ay napalitan ng matinding pait which forced him to shove the picture back in the pages of the book and put it back at the bottom drawer where he hid it for so many years.

Sa muling pagkikita nila ni Maureen, ngayon ay nagawa na rin niyang aminin sa sarili na mayroon pa talaga siyang nararamdaman para sa dalaga. There was a kind of pain and bitterness that he thought had long been gone but was actually just hiding inside his tormented heart.

"DAD. YOU CAN'T do this to me! This is too much!" sigaw ni Maureen sa ama na kanyang sinugod sa loob ng study. "I know I have done such a horrible thing with those stupid photos but I don't think I deserve this! How can I survive now, Dad, if you'll gonna take everything away from me?"

"Well, you can start with finding a job and making adjustments with your high-maintenance lifestyle. Alam mo, hija, simple lang naman 'tong problema mo, eh. Learn to live within your means," kalmadong sagot ng congressman na pansamantalang inilapag ang dyaryong binabasa at ibinigay ang buong

atensyon sa kanya.

"Pero, Dad, kailangan ba talagang alisin mo sa akin ang lahat ng mga kailangan ko sa buhay ko? It was just one stupid mistake, don't I deserve a second chance?" patuloy pa niya while pounding his mahogany table with her fist.

"Ang kapal rin naman ng mukha mo na pagsalitaan nang ganyan ang Daddy!" singit ng kanyang Ate Bettina na narinig ang heated argument sa pagitan ng ama at kapatid mula sa bukas na pintuan. "Ikaw na nga itong nagkalat at naglagay sa pamilya natin sa labis na kahihiyan 'tapos ikaw pa itong malakas ang loob na magsalita nang ganyan!"

"Bakit ba pumapapel ka na naman? Gusto mong ipakita na ikaw lagi ang magaling? Hindi na kailangan kaya huwag ka nang makialam sa amin ni Daddy for this is between him and me!" ganti ni Maureen.

"Enough!" sigaw ni Congressman Custodio na kaagad na nagpatahimik sa dalawang anak nito. "I don't want to hear any more complaints from you, Maureen. From now on wala ka nang aasahan sa amin ng mommy mo. It's about time na matuto kang tumayo sa sarili mong mga paa!"

Saglit na natigilan si Maureen, pagkuwa'y huminga siya nang malalim. "Okay, fine. If that's what you want. From now on, hinding-hindi n'yo na makikita ang pagmumukhang ito na nagmamakaawa sa inyo. I'm gonna make it on my own. I'll be better than what you think I can be and you will regret ever treating me this way!"

With that, nag-walk out ang dalaga na dala-dala sa puso ang matinding sama ng loob sa pamilya. With tears filling her eyes, she looked past her beloved car at lumabas sa mansion. Tinanggihan niya ang offer ng driver na siya ay ihatid pabalik sa tinitirahan. Walang lingon-likod na nilisan niya ang bakuran nila.

4

"Maureen, I would love to have you sana dito sa shop ko, kaya lang hindi ko afford na mag-risk ngayon lalo na at... sariwa pa sa isipan ng mga tao ang tungkol sa mga nude photos mo. It might affect the image of my business if they know you are associated with me," maselang binitiwan ng rising fashion designer na si Dennis Lumberto, ang panglimang kakilala ni Maureen na kanyang nilapitan para hingan ng tulong sa trabaho.

"Ah, ganoon ba?" tangi niyang nasabi na hindi maiwasang masiraan ng loob. Sa bawat nilapitan ay iisang bagay lamang ang binanggit ng mga ito na naging hadlang sa kanyang pagkakatanggap, ang kumakalat niyang nude photos na kinatatakot ng mga ito na makakaapekto sa imahe ng kanilang mga negosyo.

"Bakit kaya hindi ka muna magpalipas ng ilang months? Maybe by then this scandal have already simmered down and people might forget about it," suggestion ng bading na designer. "Maybe you should go to the States for a while, relax and give yourself time to recover from this thing that happened in

your life. Kapag maayos na ang lahat, you can come back and pursue your work plans...”

“I don’t have the luxury of time and resources para mag-relax at maka-recover sa lahat ng nangyari. I am practically on my own now after my parents refused to continue supporting me,” pagtatapat na niya sa kasalukuyang kalagayan. “I have to immediately find the money to pay for my condo rent, my bills, my food and all my other expenses.”

Hindi makapaniwala ang kausap na nangyayari ang bagay na iyon sa spoiled heiress na kung makagasta noon ay tila parating wala nang bukas. “Alam mo gusto man sana kitang tulungan pero imposible talagang magawa ko ‘yon at this point. Medyo rocky pa rin kasi ang state nitong business ko, eh...” plastic na pahayag nito. Lingid sa kanya ay matagal nang may lihim na inggit sa kanya si Dennis.

“It’s okay, I understand...” panigurado ni Maureen habang pinipilit na ngumiti maski na pakiramdam niya ay pasan na niya ang buong mundo. “Sige, hindi na kita iistorbohin. I know you still have a lot of things to do,” paalam niya.

Habang nakatayo sa tapat ng boutique at naghihintay ng masasakyang taxi, pakiramdam

niya ay nanghihina ang kanyang mga tuhod dahil sa pagkabigo. *Will I be able to find a job with my destroyed reputation?*

"HOW MANY relationships have you had?" tanong ni Dr. de Guzman sa counseling session na kino-conduct kay Brett sa loob ng clinic nito noong tanghaling iyon.

But the guy found it hard to answer. "Hmm... serious ones or do I have to include the flings?"

"Both the serious ones and the flings..."

"Uhm... with the flings... honestly hindi ko na rin mabilang. As for the serious relationship... I've only had one..." tugon niya.

"Kailan nangyari ang serious relationship mong ito?"

"Four years ago when I was in fourth year college."

"How long did this relationship last?" usisa nito.

"Kailangan pa ba talaga nating pag-usapan 'to?" ang napakamot-ulong sabi niya na halatang hindi komportableng pag-usapan ang tungkol sa bagay na

iyon.

"I believe it is integral in helping you deal with your past and present issues in your life," pagdadahilan naman ng psychologist.

Kahit mahirap para sa kanya na balikan ang yugtong iyon ng kanyang buhay ay minabuti ni Brett na makipag-cooperate na rin sa kausap para sa ikabubuti ng psychological aspect ng buhay niya. "Okay, that relationship lasted for just three months, but it was very serious for me as I had been in love with her for four years ever since we became classmates in college."

"Nasabi mo na it was only in fourth year when you two got together. What took you so long to start a relationship with her? Was she involved in another relationship when you first saw her? Or you just never had the courage to approach her? But you know that seems kind of hard to believe dahil sa hitsura mong 'yan, you could practically have any girl you want. Imposibleng hindi ka mapansin ng sinomang babae," patuloy pa nito.

"Sa totoo lang, hindi pa ganito ang hitsura ko noon," pagtatapat ni Brett. "I was this tall, gangly, quiet, nerdy guy who knew nothing but to bury his head on books. Hindi ako 'yung tipong makakakuha

ng atensyon niya. In fact, I think she only found out about my existence when we were accidentally paired to become partners para sa thesis namin."

"What kind of girl was she? What does she look like?"

Dito na muling bumalik ang pag-aalinlangan ni Brett. Naging mahirap para sa kanya na pag-usapan si Maureen dahil alam niyang kliyente rin nito ang dalaga.

"Well... she was this beautiful girl who was very popular in the whole school. Siya 'yung tipong pangarap ng mga lalaki doon but she rarely associated with just about any guy. Although she had been in a string of relationships back then, it was mostly with guys who were just as popular as she," maingat niyang pagdi-describe sa babaeng minsang minahal.

"Kung ganoon, how come she got associated with a then simple guy like you?" tanong ng psychologist na walang kaide-ideya na pinag-uusapan nila ang isa pa rin nitong pasyente.

"Kahit ako rin hindi ako makapaniwala noon nang sagutin niya ako. Akala ko nahanap ko na ang babaeng makakasama ko panghabang-buhay, but she turned out to be a different girl after we

managed to finish our thesis."

"What do you mean?" na-curious na tanong ni Dr. de Guzman na ang interes ay hindi maiwasang lumampas sa pagiging propesyonal.

"I should have known better that I was just being used. That time kasi medyo tumatagilid siya sa major namin. She was pressured to graduate on time dahil iyon ang kagustuhan ng daddy niya. You could say ginamit niya ako para makapasa. I was blindly in love with her kaya kahit ako na lamang halos ang nagtatrabaho para sa thesis namin habang busy siya sa pagpa-party niya ay hindi ko na iyon inintindi. Sa konting paglalambing lang naman niya ay nagagawa ko nang kalimutan ang lahat."

"Kung ganoon, what led to the ending of your relationship?"

"Nang mag-graduate na kami, biglang may isang lalaking sumulpot na yumakap at humalik sa kanya right after niya makuha ang diploma niya sa stage. Nakita iyon ng dalawang mata ko and right after the graduation ceremony, I confronted her as she was surrounded by her three friends and that guy. I demanded na ipakilala niya ako sa lalaking iyon, and without batting an eyelash, she introduced me to him as her classmate and thesis partner while she

referred to the guy as her boyfriend. I was so angry but I could not do anything as she immediately walked away with them and said goodbye to me," pagre-recount ni Brett ng mga pangyayari na malinaw iyong inilarawan na animo'y kasalukuyan lamang nangyayari ang tagpo sa harap ng kanyang mga mata.

"At magmula noon hindi ka na ulit pumasok sa isa pang serious relationship?"

"Hindi na... Ang hirap, sa tuwing may makikilala at makakasama akong babae, kapag dumarating na kami sa point na potensyal na maging seryoso ang lahat, nararamdaman ko ang sarili ko na umaatras," pag-amin niya sa pinatutunguhan ng mga muntikan nang maging mga relasyon. "I just tried to find comfort in the fleeting moments that I've had with those women."

"Pero pakiramdam mo pa rin may malaking kulang sa buhay mo, hindi ba?"

It took Brett quite a while before he could manage to deal with his pride. "Oo, aaminin ko nakakaramdam ako ng ganyan. But I don't think I am willing to risk and put my heart on the line again. I choose to be wiser now."

"What if you'll gonna see again that girl you had once fallen in love with, maging ganyan pa rin kaya katigas ang desisyon mo?" panghahamon pa nito.

Nakita ko na nga siya ulit, dito pa mismo sa clinic mo, isip niya. "Ako ang taong may isang salita, paninindigan ko ang desisyong iyon na ginawa ko."

"I CAN'T believe this. Lahat na lang ng nilapitan ko, niri-refuse na i-hire ako dahil daw baka makaapekto ang buwisit na nude photos ko na 'yan sa business nila!" frustrated na paglalahad ni Maureen as she almost devoured the Fetuccini Alfredo na kanyang inorder sa bagong restaurant na pinuntahan nila ng mga kaibigan noong tanghaling iyon matapos ang ginawang paghahanap ng trabaho. "To think na sila pa 'yung mga taong humingi ng tulong sa akin dati for PR purposes while they were still starting out in the fashion industry!"

"Ganyan talaga ang buhay; you can't expect everyone to be grateful for what you have done for them," napakibit-balikat na lamang na nasabi ni Christy na natuto na rin sa mga kalakaran sa society na kanilang ginagalawan. Even though she has no real job, the experiences of her boyfriend Jarno in the restaurant business had been enough to teach

her much about the realities of human behavior.

"Mabuti na lang din at habang maaga pa nalalaman mo na, na marami talagang manggagamit sa mundo para hindi ka na rin naloloko tulad ng ginawa sa 'yo ng walang kuwentang Kyle na yon!" banggit naman ni Kimmie.

"Oh, please, let's just not talk about that jerk. Tapos na ang chapter ng buhay ko sa kanya," paghingi ni Maureen ng pabor sa best friend.

"Really, tapos na ang chapter ng buhay mo sa kanya?" di-makapaniwalang nasabi ni Ashley na ang tingin ay masyado naman yatang mabilis ang mga pangyayari para sa kaibigan.

"Tapos na tapos na," walang kurap niyang sagot.

"Wala man lang siyang ginawa para ipagtanggol ako sa eskandalong ito. Hinayaan niya ang kaibigan niyang ipakalat ang mga litratong 'yon na hindi naman dapat ikalat. Wala siyang kuwentang tao at hindi na dapat binibigyan ng puwang sa buhay."

"You know you should start dating na para naman makahanap ka na ng ipapalit sa jerk na yon!" suggestion ni Ashley.

"Oo nga," sang-ayon ni Kimmie. "A right partner

is what you need at this point in your life dahil kahit pa nandito kami sa tabi mo, aminin mo iba pa rin talaga ang magagawa ng magkaroon ng isang special someone sa buhay mo."

"Any potential guy for Maureen?" tanong ni Christy.

"Hmm...okay, aaminin ko ever since I saw Brett again ay hindi na siya nawala sa isip ko. Kaya nga hindi na ako makapaghintay for my next session with Dr. de Guzman dahil baka sakaling makita ko ulit siya doon," walang pag-aalinlangan na niyang pag-amin. Although hindi boto ang mga snobbish friends niya sa naging relasyon nila ni Brett noon, she could not care less anymore about what their opinions might be dahil alam niyang kapag nakita nila itong muli, kahit sila ay mabubura ang dating apprehensions sa binata.

"Alam mo naku-curious ako kung ano ba talaga ang hitsura ni Brett at nababaliw ka na sa kanya ngayon," saad ni Ashley.

"Hay naku, girl! I swear kahit ikaw you will find him irresistible!" kinikilig na sabi niya habang pini-picture sa kanyang isipan ang gorgeous image ng lalaking minsan ding nabaliw sa kanya.

Nang dumating ang bill para sa kanilang kinain, nagsimulang bilangin ni Maureen ang mangilan-ngilan na lamang niyang cash na natitira sa wallet at doon ay mas lalo pang naging malinaw sa kanya na kailangan na niyang makahanap kaagad ng trabaho.

Hindi naman nakaligtas sa pansin ni Kimmie ang naging hitsurang iyon ng best friend. “Don’t think about it, Mau, it’s on me,” anito, sabay abot ng credit card sa waiter.

Sa totoo lamang ay hindi naiwasan ni Maureen na makaramdam ng pagkaawa sa sarili. Dati-rati, siya ang unang-unang bumubunot ng credit card sa mga ganoong sitwasyon. Pero ngayon pakiramdam niya ay isa siyang pulubi sa harap ng mga kaibigan. At nagpatuloy pa iyon nang maisipan ng tatlo na mag-shopping sa mga high-class shops sa *Greenbelt*.

“Oh, look at this top. Bagay sa ‘yo ‘to, Maureen,” banggit ni Ashley habang itinatapat sa kanyang petite body ang isang blouse from *Mango*.

“Bagay nga pero hindi ko naman ma-afford ngayon,” napasimangot niyang tugon who could only look at the clothing longingly.

The three understood her situation and they all generously offered to pay for whatever she might

like.

"I really appreciate your help but I'd rather not take advantage of you, guys. Kayo rin baka ma-spoil ako niyan, kayo rin ang mahihirapan," pabiro niyang sabi.

Naintindihan ng tatlo ang ibig niyang sabihin kaya hindi na rin nila ipinagpilitan pa ang nais. "Alam n'yo parang nakaka-bore mag-shopping today, bakit hindi na lang kaya tayo mag-watch ng movie? What do you think?" suggestion ni Kimmie para naman kahit paano ay hindi na mailang pa si Maureen na nakikita sila habang walang pakundangang namimili.

"Wait lang, may titingnan lang ako sandali..." aniya na biglang napukaw ang atensyon ng isang sign na nagsasabing *For Immediate Need: Fashion Consultant*.

Matapos pumasok sa loob ng boutique ng *Trendee* at nakipag-usap sa creative director na eksakto naming nandoon noong panahon na iyon ay masayang-masaya si Maureen na animo'y nabunutan ng napakalaking tinik sa dibdib.

"I think I had just been blessed with a job," nakangiting balita niya na bakas sa mukha ang di-

pagkapaniwala habang sila ay nagsisimula nang maglakad matapos siyang hintayin ng tatlong kaibigan while she was being interviewed. "That creative director seemed to be so happy to have me as their fashion consultant. Ang sabi pa niya she's always been a big fan of mine, that she cuts my photos from the newspapers and magazines because she's always believed in my fashion sense and she considers me as a young fashion icon. Imagine that after a morning of people judging and looking down on me, here came someone who flattered me no end. Kahit paano na-boost na muli ang bruised ego ko."

"Girl, ayokong i-spoil ang jubilation mo ngayon, pero napag-usapan ba ninyo ang tungkol sa...nude photos mo? Alam ba niya ang tungkol d'on? Baka kasi sa bandang huli kapag nalaman niya 'yon, bigla na lang magbago ang isip niya about hiring you, it might just break your heart..." concerned na saad ni Kimmie na ayaw nang makita ang best friend na maging disappointed na naman.

"Wala naman siyang nabanggit tungkol sa bagay na 'yon but... if that's what's going to happen, wala na akong magagawa but to just accept and hope that there will be somebody else who would be willing na tanggapin ako sa kabila ng eskandalo ko..." napakibit-balikat na lamang na turan ni Maureen na

tila biglang bumagsak sa lupa matapos marinig ang sinabi nito. Pero nauunawan niya ang concern nito at thankful siya rito dahil kahit paano ay nagawa nitong paghandain siya sa lahat ng maaaring mangyari sa kanya.

"Eh, sure ka ba talaga na sa *Trendee* mo gustong magtrabaho? Hindi ba parang may pagkabaduy ang style ng mga clothes nila. Parang pang-oldies... sa tingin mo, magagawang ma-take ng taste mo ang mga ibinebenta nila?" may pagka-discriminating na tanong ni Christy na hindi magawang lubusang makibahagi sa kaligayahan ng kaibigan. Naniniwala kasi ito na mayroong maganda at mas hip na clothing brand na mas maaari niyang mapagtrabahuhan.

"Kung tutuusin challenge nga ito for me. Ang sabi kasi sa akin ni Miss Maya, 'yung creative director nila that they are in need of someone who could help them change the image for *Trendee*. They wanted to get away from that perception na para sa mga oldies lang ang mga damit nila. They meant to capture the young market this time. At d'yan na papasok ang trabaho ko," paliwanag ni Maureen na hindi naapektuhan sa naging opinyon na iyon ni Christy. "I'm so excited I can't wait to work!"

Hindi na siya pumayag na manood pa sila ng

sine. Sa halip ay pinili niyang umuwi na upang makagawa ng presentation para sa bagong trabaho.

"O, MAYA, napatawag ka," bungad ni Brett nang sagutin ang tawag sa kanyang cellphone. Kalalabas pa lamang niya mula sa *Makati Shangri-La* matapos ang meeting with an interested franchisee na isang Chinese businessman na nais dalhin sa Hong Kong ang *Trendee* boutique.

"Sir, nakahanap na po ako ng fashion consultant natin!" excited na balita nito na halos sigawan ang boss.

"That's good news. Tamang-tama ito dahil gusto na ni Mr. Tan na mag-open ng franchise ng *Trendee* sa Hong Kong. I told him to wait for a while until we find a fashion consultant who will help us revolutionize the brand image. But it looks like hindi na niya kailangang maghintay pa nang matagal," masayang pahayag niya na kahit paano ay nararamdaman na rin ang pagkakabuo ng passion para sa negosyong hawak.

"Kaya ko nga po sinabi sa kanya na bukas na bukas rin ay pumunta na siya sa opisina para mai-present sa board ang mga ideas niya for *Trendee*.

Mabuti nga pumayag kahit rush. She seemed to be excited to work for us as well."

"Sino nga pala itong fashion consultant na ito na nakuha mo?" curious niyang tanong habang iniikot ang manibela ng kanyang *Honda CR-V* pakanan patungo sa isang eskinita para makaiwas sa matinding traffic.

"You wouldn't believe it, Sir, it's the young socialite Maureen Custodio!"

Halos mapadiin ang pagtapak ni Brett sa brake matapos balutin ng pagkabigla sa natuklasan. "Si Maureen Custodio!"

"Yes, Sir, siya nga po. Siguro po medyo nag-aalangan kayo ngayon na kuhanin siya dahil baka iniisip niyo na makakaapekto 'yung kumakalat niyang nude photos sa image ng *Trendee*. But I believe in her capability po. Her incredible fashion sense is what we needed to bolster our campaign to capture the young market. Baka siya na po ang sagot para maalis tayo sa slump na kinalalagyan natin..."

In spite of the tremendous alarm that he felt, Brett knew he had to be objective. *Kung sabagay, noon pa man she's already got a very good eye for fashion*, na-realize niya nang maalala ang kanilang

mga araw noon sa *DLSU* kung saan madalas pumaparada ang dalaga suot ang makatawag-pansin at naggagandahang mga damit na pilit ginagaya ng mga iba pang estudyante roon. Surely, she can be of big help to the company.

"Sir, okay lang po ba na siya ang kuhanin nating fashion consultant?" tanong ni Maya matapos hindi makarinig ng tugon mula sa kanya.

"Ah… okay, okay. Let's get her for *Trendee*," sagot niya matapos matauhan. Matapos makapagpasalamat sa kanya ay nagpaalam na ang creative director.

Inilapag niya sa passenger seat ang cellphone habang nadarama sa loob ang mixture ng mga emotions. May parte sa kanya na masaya dahil sa wakas ay mabubuo na rin ang pag-asa ng *Trendee* na umangat sa market, subalit mayroon ding parte sa kanyang sarili na hindi mapalagay sa muling paglapit ni Maureen sa kanyang buhay.

You can't let personal matters affect your business sense. Be professional, Brett!

Subalit alam niyang ang araw na kakaharapin bukas ay hindi tulad ng mga tipikal niyang araw sapagkat makakasama niya ulit ang babaeng ni minsan ay hindi niya pinangarap na makita pang

muli.

Sa kabila ng apat na taong lumipas ay nalaman ni Brett na hindi pa rin pala humuhupa ang galit na kanyang nadarama para kay Maureen. Pero alam niyang hindi siya puwedeng magpaapekto sa kanyang emosyon.

This is all about work. Maghintay ka lang. Kapag maayos na ang lahat at stable na ang Trendee*, it would be easy for you to take her out of the company. Gamitin mo siya just like how she had once used you!*

5

"Oh, no!" sigaw ni Maureen nang magising siya kinabukasan ng alas ocho ng umaga, giving her barely enough time to prepare for her nine o' clock meeting with the executives of *TCRC*.

Dahil sa dedikasyon na makagawa ng isang magandang presentation ay hindi niya namalayan na siya ay nakatulog na pala sa dining table kung saan siya nagko-computer magbuhat pa noong nakaraang gabi.

Matapos i-save ang kanyang mga files sa isang flash disk ay pinatay niya ang laptop at kaagad na naghanda para sa pagpunta sa opisina ng *Trendee* sa Quezon City.

Suwerte naman na mayroong taxi na nagsakay kaagad sa kanya. Sa kamalas-malasan kung kailan makakaabot na sana siya sa destinasyon ay naipit naman ang sasakyan malapit sa Quezon Avenue.

Ten minutes past nine na nang huminto ang sinakyang taxi sa address ng opisina na pagtatrabahuan. Pagkabayad ay kaagad na bumaba si Maureen at halos patakbo nang tinungo ang

entrance ng building. Hindi na niya magawang maalintana kung mawalan man siya ng poise dahil ang tanging nasa isip niya lamang ay kailangan niya ng trabaho.

Ngunit sa kanyang pagmamadali ay hindi sinasadyang nabangga niya ang isang lalaking patungo rin sa kanyang papasukan. “I’m so sorry,” paumanhin niya. Subalit bigla siyang natigilan matapos makita kung sino ang kaharap.

“B-Brett!”

Tila hindi naman nasorpresa ang binata who just nodded at her and resumed walking toward the entrance of the building.

“Excuse me.” Kung hindi pa niya iyon narinig mula sa babaeng naharangan niya sa kanyang likuran ay hindi pa siya matatauhan sa pagkakatitig kay Brett na magalang na binati ng mga guards na nakatao sa entrance. *Ano kaya ang trabaho niya rito?*

“MAYA, SORRY I’m late, na-traffic kasi ako n’ung malapit na ako dito,” kaagad niyang paliwanag nang magkita sila ng creative director sa loob ng opisina na kanyang pinasukan.

"No problem, kararating pa lang naman ng president natin,'" pag-assure nito.

"Really? Oh, thank God! Kanina pa ako takot na takot na baka pinaghihintay ko na kayo, eh," aniya na noon lamang nakahinga nang maluwag.

"So, ready na ba 'yung presentation mo?" tanong ni Maya habang iginigiya siya patungo sa conference room kung saan gaganapin ang meeting.

"Ready na," confident niyang sagot habang papasok sa loob ng silid kung saan nakapaligid na ang mga executives na pawang mga lalaki sa oval-shaped table na naroroon.

At tila isa siyang aparisyon na nagpatahimik sa lahat nang makilala siya ng mga ito. Nakaramdam siya ng pagka-conscious dahil doon. Kahit pa sanay siya na parating nasa sentro ng atensyon, iba naman ang sitwasyong kinalalagyan niya ngayon. Nakakaramdam siya ng pangamba na sa tuwing titingin sa kanya ang mga tao, ang tanging nasa isip nila ay kung gaano siya ka-indecent dahil sa mga kuha niyang nude pictures.

"Good morning," timid niyang bati habang kumukuha sila ni Maya ng puwesto sa conference table na iyon.

"Huwag mo nang intindihin 'yang mga 'yan, ganyan lang talaga sila kapag nakakakita ng maganda," bulong nito sa kanya.

Hindi na siya nagkaroon ng pagkakataong makasagot dahil sa matinding pagkabigla na bumalot sa kanya nang muling makita ang pagpasok ng lalaking nakabangga kanina. She never thought him to be a part of that company.

Totoo ba talaga itong nakikita ko?

"That's our president, Mr. Brett Rovira..."

Kung hindi pa ibinigay ni Maya ang impormasyong iyon ay iisipin niyang siya ay nagha-hallucinate lamang.

Oh, my God! It seems like destiny is working very hard to bring the two of us together again! ang excited niyang naisip.

"Good morning, everyone. Today, our creative director, Miss Maya Rivera, will be introducing to us the person who will be helping us achieve our dream to revolutionize *Trendee*..." pagderecho na kaagad ni Brett sa pakay ng kanilang pagtitipon.

He's really changed a lot, hindi na siya mahiyain ngayon. He's turned out to be a very eloquent and

confident professional! isip niya na nararamdaman ang mas tumitinding paghanga sa lalaking dati ay halos tumupi sa tuwing kinakailangang magsalita sa harap ng maraming tao.

Matapos ang very generous and flattering introduction na ibinigay sa kanya ni Maya, Maureen took the floor and summoned all her strength to fight the anxiety that was building up inside her. Ngunit dahil sa mga tingin na nakikita niyang ibinibigay sa kanya ng mga executives na halata namang hindi interesado sa kanyang ipine-present ay naging distracted tuloy siya sa ginagawa.

"Tell us why do you think should we hire you in our company? What do you have that makes you deserving to get the job of being a fashion consultant?"

Hearing that stern voice of Brett made Maureen focus on him. Seeing the serious expression on his face as if they had never known each other before made her feel a bit intimidated. Ngunit imbis na magpatalo sa nararamdaman nilabanan iyon ng dalaga, na naging malaking tulong upang makapag-concentrate sa pagpapahayag ng mga ideya para sa ikagaganda ng clothing company.

"I believe that I do possess an inherent passion

for fashion which enables me to go beyond following the presented trends and instead find ways to challenge them, create innovations and revolutionize them in order to come up with an image that will be appreciated by *Trendee*'s target market. Because of this, I am confident that I will be an effective fashion consultant for your company..."

Dahil sa naging statement na iyon ay nabura ang mga katanungan sa isipan ng mga executives ukol sa kakayahan niya. It made them sit up and listen to what she had to offer for their company.

"That has been my presentation, thank you very much for listening," pagtatapos ni Maureen.

Matapos siyang lumabas ng kuwarto upang mabigyan ng pagkakataon ang mga executives na mag-deliberate ukol sa kanyang kapalaran sa kompanya, kinuha ni Brett ang sahig. "So, we have seen Miss Custodio's presentation. Any comments?"

"I gotta say she's really very good that she made me forget about those hot photos of hers!" pabirong sabi ng financial director ng kompanya na si Ernest Montemayor na kilalang matinik pagdating sa mga babae.

"Ako nga rin, pare, eh, habang pinakikinggan ko

siya kanina ay parang gustong tumulo ng laway ko. Not only was she very pretty but she was really very convincing. You could see right away that she knows what she's saying," dagdag ng operations manager na si Mr. Fabian.

Habang pinakikinggan ng binata ang mga pahayag ng mga executives ay hindi niya maiwasang maging upset sa mga nagiging komento ng mga ito tungkol kay Maureen.

"Please, gentlemen, let's all be professional and just focus on her capabilities..." istrikto niyang turan.

This somehow settled his subordinates. Sa bandang huli ay nauwi rin ang kanilang deliberasyon sa desisyong si Maureen na ang magiging fashion consultant ng *Trendee Clothing Retail Company*.

"YOU MEAN TO SAY, si Brett ang presidente ng *Trendee*?" di-makapaniwalang pag-uulit ni Ashley habang nagpapahinga siya matapos ang yoga session na dinadaluhan kasama ang tatlong kaibigan.

"Yeah, he is! Kahit nga ako hindi makapaniwala na siya pala ang magiging boss ko!" pahayag ni Maureen na hindi pa rin mawala-wala ang 'high' feeling matapos makumpirma ang pagkakatanggap

sa kumpanyang pinamumunuan ni Brett. “Para talagang destiny is bringing the two of us back together!”

“Hindi kaya karma itong nangyayari sa ‘yo?” biglang banggit ni Christy habang nagpupunas ng pawis.

“What do you mean ‘karma’?” balik ni Maureen na hindi maiwasang mapaisip sa sinabi nito.

“I mean, hindi ba dati si Brett ang patay na patay sa ‘yo, but this time ikaw na ang nasa lugar niya. Aren’t you scared that he will also play with your feelings just like what you did with him?” paglilinaw ng kaibigan.

Tila biglang naputulan ng dila si Maureen. Aminado siya na malaki ang naging pagkakasala niya kay Brett at handa siyang gawin ang lahat para mapatawad siya nito.

“Kilala ko si Brett, he is a good and intelligent guy. Siguro naman kapag ipinakita ko sa kanya na sincere ako sa pakikitungo ko sa kanya at pinagsisisihan ko na ang ginawa ko noon, he will give me another chance.”

“Girl, four years had passed since last kayong magkita. For all you know, he could be a married man

by now," giit ni Kimmie na hindi nais na magkaroon ng false hopes ang best friend.

"Or he could still be single until now," puno pa rin ng optimism na balik ni Maureen na sadyang ayaw mag-give up sa lalaking minsan ding umibig sa kanya. "Basta I've got another reason to do well in my job and that is to prove to him na nagbago na ako. Na hindi na ako ang superficial na Maureen Custodio na dati niyang kilala. I'm going to be a better woman for him..."